Republic of the Philippines
Civil Service Commission
Constitution Hills, Batasang Pambansa Complex, Diliman 1126 Quezon City

109 Years of Service;
Civil Service at Its Best

Mamamayan Muna

Patalastas Bilang 46, s. 2010

PATALASTAS

SA : LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMPAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO.

PAKSA : Buwan ng Wikang Pambansa 2010

Alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon 1041, s. 1997 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Ang paksang-diwa sa taong ito ay *"Sa Pangangalaga ng Wika at Kalikasan, Wagas na Pagmamahal Talagang Kailangan"*.

Layunin ng pagdiriwang na ito na:

1. Maisakatuparan and mga tungkulin ng KWF ayon sa itinakda ng Seksiyon XIV, Letrang I. ng Batas Republika 7104;
2. Ganap na maipatupad ang Proklamasyon Blg. 1041 ng Pangulo ng Pilipinas;
3. Maipamalas sa sambayanan ang kahalagahan sapaggunita ng wikang pambansa at ang kasaysayan nito, at ang papel na ginagampanan nito sa pangangalaga ng kalikasan;
4. Ganyakin ang mamamayang Pilipino na makilahok sa patimpalak sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino kaugnay ng pangangalaga sa kalikasan; at
5. Makapagdaos ng Komperensiyang Pangwika hinggil sa pagsasapanahon ng mga kaalamang pangwika.

Para sa isang buwang pagdiriwang hinati sa limang lingguhang paksa para sa mga sumusunod na petsa:

Agosto 1-7 Wika'y Kailangan sa Pandaigdigang Impormasyon sa Pangangalaga ng Kalikasan

Agosto 8-14 Wika'y Instrumento sa Pagpapalaganap ng Kamalayan sa agbabago ng Kalikasan

Agosto 15-21 Wika'y Mabisang Susi sa Edukasyong Pangkalikasan

Agosto 22-28 Ang Pagpapahalaga sa Wika at Pangangalaga sa Kalikasan ay Pagmamahal sa Inang Bayan

Agosto 29-31 Wika't Kalikasan Mahalin at Pangalagaan, Biyaya ng Poong Maykapal sa Inang Bayan

Kaugnay nito, buong pitagan naming hinihiling ang sama-samang paghahanda at pagdaraos ng mga tanggapan ng pamahalaan sa mga palatuntunan para sa naturang pagdiriwang.

Kalakip nito ang mungkahing palatuntunan ng mga gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

CESAR D. BUENAFLOR
Komisyonado

16 JUL 2010

Kalakip ng memorandum:

PALATUNTUNAN NG MGA GAWAIN
BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2010

Tema: "Sa Pangangalaga ng Wika at Kalikasan, Wagas na Pagmamahal Talagang Kailangan"

Agosto 1-7 Wika'y Kailangan sa Pandaigdigang Impormasyon sa Pangangalaga ng Kalikasan

1. Pagdaraos ng Seminar-Worksyap sa lahat ng mga kinauukulan sa pagtalakay sa pangangalaga ng kalikasan na wikang Filipino ang gamit para sa epektibong talakayan.

2. Pagdaraos ng mga diyalog sa pangunguna ng mga opisyal ng paaralan at ng mga baranggay/bayan o lungsod sa pagtutulungan sa pangangalaga ng kalikasan upang maiwasan ang sakunang dulot ng pagkawasak nito - na ang gagamiting wika ay Filipino.

3. Pakikipagbalikatan sa *Climate Change Commission* (CCC) sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas sa pagdaraos ng mga programa, gawain at palatuntunan na ang tema ay nakatuon sa wika at kalikasan.

4. Ganap na paggamit ng Filipino sa mga komunikasyon at korespondensiya.

5. Pagdaraos ng paligsahan sa pag-aayos ng silid-aralan na naghahatid ng mensahe tungkol sa kalikasan.

Agosto 8-14 Wika'y Instrumento sa Pagpapalaganap ng Kamalayan sa Pagbabago ng Kalikasan

1. Pakikipanayam sa mga opisyal at lider na kaugnay sa mga programa sa pangangalaga ng kalikasan.

2. Pagpapalabas ng isang pelikulang dokumentaryo tungkol sa pinsalang hatid ng *Climate Change* (halimbawa, Bagyong Ondoy).

3. Pagpapasulat ng pormal o di-pormal (elementarya at sekondarya) na sulatin at sanaysay (kolehiyo) tungkol sa paksa.

4. Pagtatanghal ng dula-dulaan para sa pangangalaga ng kalikasan.

5. Paghahanda ng iba-ibang slogan na may kaugnayan sa paksa, para sa lalo pang kasiglahan ng pagdiriwang.

Agosto 15-21 Wika'y Mabisang Susi sa Edukasyong Pangkalikasan

1. Pagpapatala ng mga katawagang teknikal na ginagamit sa pangangalaga ng kalikasan.
2. Pagdaraos ng Patimpalak sa pagguhit na ang tema ay may kaugnayan sa pangangalaga ng kalikasan.
3. Pagsasatao ng ugnayan ng wika at kalikasan.
4. Pagdaraos ng mga talakayan hinggil sa edukasyong pangkalikasan
5. Pagdaraos ng debate hinggil sa epekto ng industriyalisasyon sa kalikasan - wikang Filipino ang gamit na midyum.

Agosto 22-28 Ang Pagpapahalaga sa Wika at Pangangalaga sa Kalikasan ay Pagmamahal sa Inang Bayan

1. Pagtalakay sa klase sa kahalagahan ng wikang Filipino sa pag-unawa sa pagbabago ng kalikasan.
2. Pagtuturo sa sambayanang Pilipino sa pagpapahalaga at pangangalaga ng kalikasan na wikang Filipino ang gamit.
3. Pagbuo at/o pagsariwa ng mga awiting Filipino tungkol sa pagpapahalaga at pangangalaga sa kalikasan bilang patunay ng pagmamahal sa bayan.
4. Pagdaraos ng Patimpalak sa paggawa ng poster na naglalarawan ng kalikasan at/o kapaligiran ng Pilipinas noon at ngayon.
5. Pagtataguyod ng Palatuntunan tungkol sa pagmamahal sa wika at kalikasan.

Agosto 29-31 Wika't Kalikasan Mahalin at Pangalagaan, Biyaya ng Poong Maykapal sa Inang Bayan

1. Pagdispley ng mga isinagawang patimpalak sa panahon ng pagdiriwang.
2. Pagdaraos ng palatuntunan na nagpapakita ng iba't ibang konsepto ng pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pagpapahalaga at pangangalaga sa wika at kalikasan
3. Pag-uulat sa iba't ibang gawaing isinagawa kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2010.